# Project EASE

(Effective and Alternative Secondary Education)

## ARALING PANLIPUNAN I



**MODYUL 11**
**ANG LABANAN SA PAGITAN NG ESPANYA AT ESTADOS UNIDOS**

BUREAU OF SECONDARY EDUCATION
Department of Education
DepEd Complex, Meralco Avenue
Pasig City

## /MODYUL 11

## ANG LABANAN SA PAGITAN NG ESPANYA AT ESTADOS UNIDOS

Nagtagumpay ang pakikihamok ng mga Pilipino laban sa mga Kastila. Sa unang tingin, malapit na ang tagumpay, at ang Republikang itinatag sa Malolos ay isa nang katotohanan. Subalit bakit hindi natuloy ang nakatakdang pagsasarili ng ating bansa?

Sa araling ito, sikapin mong unawain ang mga pangyayaring nag-uugnay sa atin sa mga Amerikano pagkatapos ng pananakop ng mga Kastila.

Tatalakayin sa modyul na ito ang mga sumusunod:

- Aralin 1: Ang Estados Unidos at Espanya
- Aralin 2: Ang Estados Unidos at Cuba
- Aralin 3: Ang Estados Unidos at Pilipinas

Pagkatapos ng modyul na ito, inaasahang magagawa mo ang mga sumusunod:

1. Mailalahad ang sitwasyon bago nasakop ng Estados Unidos ang Pilipinas;
2. Maiuugnay ang sitwasyon sa mundo noong huling bahagi ng ika-labimpitong siglo sa pananakop ng Estados Unidos sa Pilipinas; at
3. Matutukoy ang mga interes ng Estados Unidos sa pagsakop sa Pilipinas.

Bago ang lahat, gawin mo muna ang panimulang pagsusulit. Huwag kang mangamba kung may kakulangan ay iyong nalalaman. Gagabayan ka ng modyul na ito sa pagtuklas mo ng tamang kasagutan a mga tanong. Kayat magsimula ka na!




## PANIMULANG PAGSUSULIT

I. Piliin ang titik ng tamang sagot.

1. Ang kasunduang naglilipat ng pamamahala sa Pilipinas mula sa mga Espanyol papunta sa Estados Unidos:
   A. Tratado ng Paris
   B. Pakto ng Warsaw
   C. *Teller Amendment*
   D. Batas Militar

2. Ang lugar daungan kung saan lumubog ang pandigmang barko ng Estados Unidos na Maine:
   A. Manila Harbor
   B. Havana Harbor
   C. Cebu Harbor
   D. Davao Harbor

3. Ang bansag sa pag-aalsang pinamunuan ni Calixto Garcia, para sa kalayaan ng Cuba, na madaling nasupil ng mga Espanyol sa loob lamang ng ilang buwan.
   A. La Guerra Chiquita
   B. *The Ten Year War*
   C. *The Boxer Rebellion*
   D. *The EDSA Revoution*

4. Ang kumatawan sa Pilipinas para sa usapin ng pagbuo ng Tratado ng Paris:
   A. Jose Rizal
   B. Emilio Aguinaldo
   C. Felipe Agoncillo
   D. Andres Bonifacio

5. Ang bansang sumunod na umangkin sa Pilipinas bilang kolonya matapos ang mga Kastila:
   A. Estados Unidos
   B. Hapon
   C. Pransya
   D. Indonesia

6. Ang ibinansag ng mga sundalong Kastila sa mga nag-alsang Cubano para sa kanilang kalayaan:
   A. Mambises/Mambies
   *B. Little Brown Americans*
   C. Indians
   D. Rebolusyunaryo

7. Petsa nang magdeklara ang Estados Unidos ng digmaan laban sa Espanya:
   A. 25 Abril 1898
   B. 10 Disyembre 1898
   C. 30 Nobyembre 1898
   D. 15 Pebrero 1898

8. Ang nag-organisa ng pangalawang malakihang pag-aalsa ng mga Cubano laban sa mga Kastila para sa kanilang kalayaan.
   A. Antonio Maceo
   B. Jose Marti
   C. Calixto Garcia
   D. Che Guevarra

9. Ang bansang binayaran ng Estados Unidos ng $20 milyon ayon sa kasunduan sa ilalim ng Tratado ng Paris.
   A. Hapon
   B. Cuba
   C. Pilipinas
   D. Espanya

10. Dami ng taon na itinagal ng unang malaking pag-aalsa ng mga Cubano laban sa mga Kastila para sa kanilang kalayaan.
   A. 11
   B. 15
   C. 10
   D. 19

II. Isulat sa patlang ang tamang sagot.

__________1. Ang pangulo ng Pilipinas nang panahon ng pananakop ng mga Amerikano.
__________2. Ang pangulo ng Estados Unidos sa panahon ng digmaan sa pagitan ng Espanya at Estados Unidos.
__________3. Beterano ng Sampung Taong Digmaan sa Cuba (The Ten Year War) na namuno rin ng binansagang La Chiquita Guerra.
__________4. Ang bansang sinisi sa paglubog ng USS Maine.
__________5. Taon nang tuluyang maging malaya ang Cuba bilang kolonya ng Espanya.
__________6. Bilang ng nasawi sa paglubog ng USS Maine.
__________7. Ang manipesto na nagbalangkas ng mga polisiya ng ikalawang malakihang pakikidigma ng mga Cubano laban sa mga Kastila.
__________8. Ang kasunduang tumapos sa Sampung Taong Digmaan.
__________9. Ang Cubanong kilala rin sa tawag na “El Apostol”.
__________10. Ang Kastilang heneral na kilala sa tawag na ***“The Butcher”.***

**Pagtanaw**



**Ang USS Maine na pinalubog noong Pebrero 1898.**



Ang daungan ng Havana circa 1850's. Kuha ni Charles DeForest Fredrick

## ARALIN 1
## ANG ESTADOS UNIDOS AT ESPANYA

Noong 25 ng Abril taong 1898, nagdeklara ng giyera ang Estados Unidos laban sa Espanya. Ito'y nangyari matapos na ibintang ngEstados Unidos ang pagsabog at paglubog ng kanilang barkong pandigmang may pangalang Maine noong ika-15 ng Pebrero taong 1898 sa daungan ng Havana. (Hindi na nalaman ang dahilan at kung sino ang dahilan ng pagsabog subalit ibinintang pa rin ito sa mga Espanyol). Ang pangyayaring ito ay nauwi sa pagkamatay ng 260 na katao.

Ang nasabing digmaan ay nagtapos lamang sa pirmahan ng isang kasunduan sa pagitan ng dalawang bansa, ang Tratado ng Paris, noong ika-10 ng Disyembre taong 1898. Sa ilalim ng kasunduang ito, naging malaya ang Cuba, ngunit ibinigay ng Espanya ang Pilipinas, Guam at Puerto Rico sa Estados Unidos. Tumanggap ang Espanya ng $20 milyon sa kasunduang ito.

Ang Espanya ang kauna-unahang bansang Europeo na naglakbay pakanluran sa karagatang Atlantiko, upang mag-eksplor at manakop ng mga nasyong Amerindian sa Kanlurang Hemisphere. Ang pinakamalawak na naabot ng kapangyarihan ng Espanya ay umabot mula sa Virginia sa silangang baybayin ng Estados Unidos patimog hanggang sa Tierra del Fuego na nasa dulo ng Timog Amerika, at pakanluran papunta sa California at Alaska. Sa Pasipiko naman, nasakop nito ang Pilipinas at iba pang grupo ng mga isla. Nang taong 1825, karamihan ng mga ito ay napunta na sa kontrol ng ibang bansa. Kinilala ng Espanya ang kalayaan ng ilan sa mga nasakop nito na sa kasalukuyan ay nasa Estados Unidos (na dati ay nasa kapangyarihan ng Mexico) at timog na nasa dulo ng Hilagang Amerika. Ang mga nanatili lamang sa kontrol nito ay ang Cuba at Puerto Rico sa kanlurang Hemisphere, at ang Pilipinas, mga isla ng Carolina, Marshall at Mariana (kasama ang Guam) sa Micronesia.

Inaasahan na pagkatapos mo sa araling ito ay:

1. Mailalahad mo ang sitwasyon sa panahon bago nasakop ng Estados Unidos ang Pilipinas;
2. Maikukumpara mo ang sitwasyon ng Estados Unidos at Espanya na naging dahilan ng pagbitaw ng Espanya at pagsakop ng Estados Unidos sa Pilipinas; at
3. Matutukoy ang dahilan ng pagbagsak ng Pilipinas sa kamay ng Estados Unidos.




**Gawain 1: Pag-isipan Mo!**

Ano sa palagay mo ang dahilan para ang mga bansa ay magnais na manakop at kumontrol ng ibang bansa? Tanungin ang iyong sarili at tanungin ang iyong mga magulang, kaanak, at kapitbahay. Matapos makipagkuwentuhan sa kanila tingnan mo kung may pagkakahawig ang iyong dahilan sa dahilan ng mga Amerikano sa pagsakop ng mga bansa sa Asya at Aprika.

**Ang Estados Unidos at Espanya**

Noong ika-19 na siglo, bumangon ang Estados Unidos mula sa digmaang sibil at naging isa sa pinakamalakas na bansa sa mundo sa larangan ng industriya at kalakalan. Nakita ang kanyang kapangyarihan sa pakikipagtunggali sa malalakas na bansang nakikipagkalakalan sa Timog Amerika.




Sa panahong ito sumali na rin ang Estados Unidos sa Europa sa kanilang pananakop ng mga bansa sa Asya at Aprika upang magkaroon sila ng bentahan ng kalakal, lagakan ng kanilang puhunan, at pinagkukunan ng hilaw na materyales.


Nagkataon naman na ang Espanya, na isa sa pinakamalakas na bansa simula noong ika-15 siglo, ay nagsimula nang bumagsak. Nagsisimula nang maghimagsik sa kanyang pananakop ang mga kolonya nito. Ito ay sinamantala ng Estados Unidos at nagkaroon ng digmaan sa pagitan ng

Estados Unidos at Espanya. Noong 1898, nanalo ang Estados Unidos, at lahat ng nalalabing kolonya ng Espanya ay napasailalim sa pamamahala nito.

Sa pagtatapos ng ika-19 na siglo, ang Estados Unidos ay hinog na sa larangan ng ekonomiya at pulitika upang maging isa sa pinakamalakas na bansa sa buong daigdig. Ito ay isa nang ganap na mananakop.




Mapa ng Kanlurang Hemisphere noong taong 1546



**Gawain 2: Pagpapalalim ng Kaalaman**

Isa-isahin ang mga hinihingi:

1-6 Ang mga bansang nanatili sa ilalim ng kapangyarihan ng Espanya pagsapit ng 1825

7-9 Dahilan ng pagsama ng Estados Unidos sa mga bansang Europeo sa pananakop ng mga bansa sa Asya at Aprika

10 Taon nang nakuha ng Estados Unidos sa Espanya ang Pilipinas



**Tandaan Mo!**

- Mga dahilan ng Estados Unidos sa pagsakop nito ng mga bansa sa Asya at Aprika ay upang may pagbentahan ng kalakal; upang may mapaglagakan ng kanilang puhunan; at upang magkaroon ng pagkukunan ng hilaw na materyales.

**Gawain 3: Paglalapat**




Sa kasalukuyan, patuloy na nakikidigma ang Estados Unidos sa ibang bansa. Ito kaya ay upang manakop din? Pangatwiranan at magbigay ng mga dahilan kung bakit nagkaroon ng giyera ang Estados Unidos at Iraq.

## ARALIN 2
## ANG ESTADOS UNIDOS AT ANG CUBA



Ang Cuba ay isa sa mga naging kolonya ng Espanya. Noong taong 1898, katulad ng Pilipinas, naging malaya ito mula sa Espanya. Sa araling ito, uunawain natin ang pagkakatulad ng kapalaran ng Cuba at ng Pilipinas. Magkatulad kaya ang mga ito?



Pagkatapos ng araling ito, inaasahan na ikaw ay magkakaroon kakayahan na:

1. Makapaglahad ng kuwento ng pag-aalsa ng mga Cubano mula sa Espanya;
2. Matukoy ang mga salik sa pagkatalo ng Espanya sa Cuba at sa Pilipinas; at
3. Matukoy ang pagkakahawig at pagkakaiba ng sitwasyon ng Cuba sat Pilipinas sa mga huling taon ng ika –19 siglo.



**Gawain 1: Pag-isipan Mo!**

Ano ang mga posibleng suliranin ng mga nag-aalsa? Ano ang maaaring dahilan ng pagkatalo ng Espanya na naging dahilan ng pagkawala ng kontrol nito sa Cuba, Pilipinas at iba pa nitong kolonya? Itala ang iyong kasagutan at suriin mo ito habang binabasa ang laman ng seksyong ito.


### Ang Cuba

Ang kalayaan sa Espanya ay mahigit isang daang taon nang hinihingi ng mga Cubano bago pa ang digmaan sa pagitan ng Espanya at Estados Unidos. Noong panahon ng pananakop ng Britanya sa Havana noong Hunyo 1762, matapos magdeklara ang Britanya ng digmaan laban sa Espanya, nagkaroon ng pagkakataon ang mga magsasakang Cubano na ibenta ang kanilang mga pananim sa isang bukas

na pamilihan sa unang pagkakataon.  Dito, ang presyo ay naging mas mataas dahil sa kompetisyon. Ang sitwasyong ito ay higit na paborable sa mga Cubano sapagkat bago ito, napilitan silang ibenta ang kanilang mga anis sa pamahalaan sa presyong idinikta nito. Ibinenta naman ng pamahalaang Espanya sa bukas na pamilihan ang produkto ng Cuba sa mataas na halaga,  at pagkatapos ay kanilang sinarili.

Nakita ng mga mga Cubano na mas maganda ang kanilang kita kung ibebenta nila ang kanilang mga produkto sa mas maraming mamimili.  Noong 1763, sumakamay ng mga Kastila ang Cuba. Ang Florida, na dating nasasakupan ng Espanya, ay napasakamay naman ng Britanya bilang kapalit ng Cuba. Bumalik sa dati ang buhay at kalagayan ng mga Cubano.  Gaya ng Pilpinas, dinanas nila ang isang mapang-aping sistema sa ilalim ng Espanyol.  Dito nagsimula ang paghihibik nila para sa kalayaan ng kanilang bansa.

Noong 1825, lahat halos ng kolonya ng Espanya sa bagong mundo ay nakalaya na maliban sa Cuba at Puerto Rico. Binalak ng Mexico at Colombia na magsama sa isang ekspedisyong militar upang tulungang lumaya ang Cuba at Puerto Rico noong 1824. Subalit, nagpadala ang Estados Unidos na kaalyansa ng Britanya, ng mga mensahe sa Mexico at Colombia na ang nilalaman ay: "Mas gugustuhin ng bansang ito (ng Estados Unidos) na  manatiling nasa ilalaim ng Espanya ang Cuba at Puerto Rico. Nais ng pamahalaang ito na walang magiging pagbabagong pulitikal sa sitwasyong ito."



Ang mga Mambies

Noong 1868, isinigaw ng Cubanong si Carlos Manuel de Céspedes ang makasaysayang "Grito de Yara" (Sigaw ng Yara). Kasabay nito pinawalan niya ang kanyang mga itim na mga alipin at sinimulan ang unang pakikidigma para sa kalayaan ng Cuba. Tumagal ito at tinawag na "Ang Sampung Taong Digmaan" (*The Ten Year War*). Pinangunahan ang digmaang ito mga Mambises, ang itinawag ng mga espanyol sa mga rebeldeng Cubano. Nagkaroon  ng

maraming tagumpay at hitik sa suporta ng mga tao, ang hukbong gerilyang Mambises ay naging malaking pwersa ng mga manghihimagsik. Ang katawagang mambises ay galing sa pangalan ni Juan Erminus Mamby, isang itim na Espanyol na sumama sa mga Dominikano ng Sto. Domingo sa kanilang himagsikan noong 1846.

Sa kalaunan, di rin nagtagumpay ang mga Mambises. Hindi organisado ang ilang aspeto ng rebolusyon at binigyan ng Estados Unidos ng mga makabagong armas ang Espanya. Noong 1878 nagkaroon ng Pakto ng Zanjon. Tinapos ang digmaan at binigyan ng kapatawaran ang mga itim na alipin na nakipaglaban.



Calixto Garcia

Noong 1880, naghanda na ang Estados Unidos para sa pagpapalawak ng kanyang kapangyarihan. Kasabay ng pagtatapos ng giyera sibil sa bansa, lumakas ang kanyang hukbong pandagat. Mabilis ding lumaki ang kanyang pamumuhunan sa Cuba. Habang anim na porsyento (6%) ng eksport ng Cuba ay napunta sa Espanya, walumput-anim na porsyento (86%) naman ay napunta sa Amerika. Sa panahong ito ang **La Guerra Chiquita** (Ang Maliit na Digmaan) ay naganap. Ito ay pinamunuan ni Major Calixto García, isang kilalang beterano ng Sampung Taong Digmaan. Ngunit ang bagong paghihimagsik na ito para sa kalayaan ng Cuba ay mabilis na nasupil sa loob lamang ng ilang buwan.



Jose Marti

Noong 1894, wala pang dalawampung porsyento ang Cubanong nagmamay-ari ng mga kabyawan (*sugar mill*) sa Cuba. Samantala, siyamnapu't limang porsyento (95%) ng lahat ng eksport ng asukal ng bansang ito ay napupunta sa mga Amerikano.

Naglunsad muli ng ikalawang himagsikan si Marti, kasama ang mga beterano ng Sampung Taong Digmaan na sina Antonio Maceo, Calixto Garcia, Maximo Gomez at iba pa. Sa ilalim ng patnubay ni Marti, ang mga rebelde ay may pagkakaisa at

nagbalak na may kasamang isang pamahalaang sibil ang siyang hahalili kapag sila ay nagtagumpay na.

Sa mga naunang buwan ng taong 1892, itinuon ni Marti ang pansin sa paghahanda para sa pakikipaglaban sa mga Espanyol. Humingi at tumanggap siya ng tulong pinansyal mula sa mga Cubanong ipinatapon. Pinagplanuhan niya ang bawat detalye ng itinatag niyang Partido ng mga Rebolusyonaryong Cubano.

Pagsapit ng taong 1894, nagmadali at pinagpunyagian ni Marti ang mabilis na paglulunsad ng rebolusyon. Ito ay dahil sa kanyang obserbasyong may bagong direksyon ng kolonyalismong umuusbong ng panahong iyon - ang pagpapalawig ng kapangyarihan at imperyo ng Estados Unidos. Natakot siya na baka maunang masakop ng Estados Unidos ang Cuba bago pa man magwagi ang kanilang rebolusyon.

Sa araw na nakatakda ang paglalakbay ng rebolusyunaryong pangkat ni Marti mula Florida, noong 25 Enero 1895, kinumpiska ng Estados Unidos ang tatlong bangkang may lamang mga armas at iba pang mga pangangailangan. Ipinaalam ito ng Estados Unidos sa Espanya.

Hindi pinanghinaan si Marti at ang mga kasamang rebolusyunaryo. Noong Marso 25, 1895, ibinaba niya ang Proklamasyon ng Montecristi (Manifesto de Montecristi) na bumabalangkas ng mga patakaran ng pakikidigma ng Cuba para sa kalayaan nito:

1. Ang digmaan ay ilulunsad ng parehong mga itim at puti;
2. Ang partisipasyon ng lahat ng itim ay kailangan para sa tagumpay;
3. Ang mga Espanyol na hindi tutol sa nasabing pakikidigma ay hindi sasalingin;
4. Ang mga pag-aaring pribado sa mga lugar na rural ay di nararapat na masira; at
5. Ang rebolusyon ang bubuhay sa ekonomiya ng Cuba.

Noong 1895 ay bumalik sina Antonio Maceo, Maximo Gomez at Marti sa Cuba upang ilunsad na ang rebolusyon.

Nang magsimula ang digmaan noong unang bahagi ng 1895, bumilang ng 80,000 ang puwersa ng mga Espanyol. 20,000 dito ang bahagi ng regular na

puwersa samantalang ang 60,000 ay mga boluntaryong Espanyol at Cubano. Ang mga mayayamang nagmamay-ari ng lupa ay nagboluntaryo naman ng kanilang mga alipin. Pagdating ng Disyembre 98,412 ang ipinadalang regular na tropa at ang mga boluntaryo naman ay naging 63,000. Nang taong 1897, umabot na sa 240,000 ang regular at 60,000 ang di-regular na Espanyol sa isla. Sa usapin ng bilang, lamang na lamang ang puwersang Espanyol.

Ang naging problema ng mga rebelde ay ang lubhang kakulangan nila sa sandata at amyunisyon. Nang matapos ang Sampung Taong Digmaan, hindi na pinayagan na magkaroon ng armas ang mga pribadong mamamayan kayat ang mga may armas lamang ay ang mga Espanyol at sundalong Espanyol. Dahil dito, walang nagawa ang mga rebelde kundi gumamit ng estilong gerilya. Ginamit ang kapaligiran, elemento ng gulat, mabibilis na kabayo, at maliliit na palakol. Karamihan ng mga armas at amyunisyon na kanilang ginamit ay nakuha nila sa mga Espanyol sa kanilang mga pag-atake sa mga hukbo nito. May matatag na hukbong pandagat din ang Espanya noon kaya hindi rin makapagpasok ng mga armas ang mga rebelde.

Mula Hunyo 11, 1895 hanggang Nobyembre 30, 1897 ay may animnapung ekspedisyon para madalhan ang mga rebelde ng mga armas at amyunisyon Subalit isa lamang ang nagtagumpay.

Sa unang pakikipaglaban niya sa puwersa ng mga Espanyol sa Dos Rios, si Marti ay sinawimpalad na napatay. Sinikap ng mga rebelde na bawiin ang kanyang bangkay subalit hindi sila nagtagumpay. Inilibing ng mga Espanyol si Marti. Ngunit sa halip na panghinaan ng loob ay lalo namang nag-alab ang damdamin ng mga Cubano upang ipaglaban ang kanilang kalayaan.

Upang supilin ang pag-aalsa, si Heneral Martinez Campos (na kinilala sa pagkakasupil ng mga Espanyol sa naunang pag-aalsa ng mga Cubano) ay muling naatasang tapusin ang pag-aalsa. Subalit sa dami ng suportang nakuha ng mga rebelde, hindi na siya nagtagumpay. Dahil sa kahihiyan, napilitan siyang magbitiw sa kanyang tungkulin. Ang ipinalit sa kanya ay si Heneral Valeriano Weyler na kilala bilang *The Butcher*.


Noong Disyembre 1896, si Antonio Maceo naman ang namatay sa pakikipaglaban. Subalit hindi naging dahilan ito para umatras o di kaya ay matalo ang mga *mambies*. Nakialam ang Estados Unidos noong Enero 1898, at tuluyan itong

sumali sa digmaan noong Abril 1898. Lubhang malaki na ang pinsala sa puwersa ng mga Espanyol at sigurado na sana ang panalo ng mga Cubano.

Nang taong ding ito ay nagdeklara ang Pilipinas ng kanyang kalayaan mula sa Espanya. Nakaamba din ang pag-aalsa ng mga taga-Puerto Rico. Dahil dito lubusang humina ang noon ay di na matatag na ekonomiya ng Espanya.

Noong Abril 25, 1898 ay nagdeklara ng digmaan ang Estados Unidos laban sa Espanya. Ibinintang nito sa Espanya ang paglubog ng USS Maine noong Pebrero ng taong ding iyon kahit walang sapat na ebidensya. Dahil lubha nang mahina ang Espanya, tinanggap na nito ang mga termino ng kapayapaan na inalok ng Estados Unidos at nakasaad sa Tratado ng Paris. Ayon dito, sasailalim sa kontrol ng Estados Unidos ang Cuba, Guam, Pilipinas at Puerto Rico. Bagaman at nasa kasunduan na ibibigay na ang kalayaan ng Cuba, ang bandila pa rin ng Estados Unidos ang iwinagayway sa Havana at hindi ang sa Cuba. Tumanggap ang Espanya ng dalawampung milyong dolyar sa kasunduang ito.

Salungat sa napagkasunduan, hindi nakamit ng Cuba ang kalayaan nito. Sa halip ang mga Amerikano ay nagtatag ng isang pamahaalaang militar sa Cuba.



**Gawain 2: Pagpapalalim ng Kaalaman**

Isulat sa patlang ang sagot sa mga sumusunod na tanong hango sa iyong binasa:

_____________1. Ang nag-organisa ng ikalawang pag-aalsa ng Cuba laban sa mga Espanyol.

_____________2. Ang heneral na Espanyol na siyang itinuturing na dahilan ng tagumpay ng Espanya na supilin ang unang pagtatangka ng Cuba na kumawala sa kapangyarihan nito.

_____________3. Ang bansang nagbabala sa Mexico at Colombia tungkol sa plano ng dalawa na tulungan ang mga Cubano na makalaya sa mga Espanyol.

_____________4. Ang tawag sa mga rebeldeng Cubano.

_____________5. Ang sumabog na barko sa Havana Harbor na isinisi sa mga Espanyol sa kabila ng kawalan ng ebidensya.

_____________6. Ang kasunduan sa pagitan ng Espanya at Estados Unidos na nagbigay ng kalayaan sa Cuba.

_____________7. Taon nang inilunsad ang ikalawang pag-aalsa ng mga Cubano laban sa mga Espanyol.

_____________8. Uri ng pamahalaan na itinatag sa Cuba matapos ang deklarasyon ng kalayaan nito mula sa mga Espanyol.

_____________9. Ang manipesto na iginuhit ni Marti na nagbalangkas ng patakaran ng ikalawang pakikidigma ng mga Cubano laban sa mga Espanyol para sa kalayaan nito.

_____________10. Taon nang tuluyang pumasok sa digmaan sa pagitan ng Espanya at Cuba ang Estados Unidos.



**Tandaan Mo!**

- Sampung Taong Digmaanang itinawag sa unang malakihang pag-aalsa ng mga Cubano laban sa Espanya para sa kalayaan ng kanilang bansa.
- Si Jose Marti ang nag-organisa ng pangalawang malakihang pag-aalsa ng mga Cubano laban sa Espanya para sa kalayaan ng Cuba.
- Tratado ng Paris ay kasunduan sa pagitan ng Espanya at Estados Unidos na nagbibigay ng kalayaan sa Cuba, ngunit nagsalin sa Estados Unidos ng pagmamay-ari ng Pilipinas, Guam, Cuba at Puerto Rico.




**Gawain 3: Paglalapat**

Kung ikaw ang nasa kalagayan ng mga Cubano, itataguyod mo ba ang kanilang pag-aalsa? Pangatwiranan. Magbigay ng tatlong kadahilanan kung bakit mo susuportahan o hindi susuportahan ang pag-aalsang isinagawa.

**ARALIN 3**
**ANG ESTADOS UNIDOS AT PILIPINAS**

**"***When next I realized that the Philippines had dropped into our laps I confess I did not know what to do with them....I walked the floor of the White House night after night until midnight; and I am not ashamed to tell you, gentlemen, that I went down on my knees and prayed to Almighty God for light and guidance....And one night late it came to me this way....*


McKinley

*(1) That we could not give them back to Spain--that would be cowardly and dishonorable;*
*(2) That we could not turn them over to France or Germany--our commercial rivals in the Orient--that would be bad business and discreditable;*
*(3) That we could not leave them to themselves--they were unfit for self-government--and they would soon have anarchy and misrule worse than Spain's war;*
*(4) That there was nothing left for us to do but to take them all, and to educate the Filipinos, and uplift and civilize and Christianize them as our fellow men for whom Christ also died*.

**- President Mc Kinley**

Mula ito sa talumpati ni Pangulong William McKinley ng Estados Unidos noong Nobyembre 1899 sa harap ng mga delegado ng pinuno ng mga Metodista. Sa kanyang pagpapaliwanag, waring may relihiyoso at moral na dahilan sa pananakop ng Estados Unidos sa Pilipinas. Ngunit maliwanag din na may iba pang motibo ang Estados Unidos sa pagsakop sa Pilipinas.

Iyan at iba pa ang paksa ng araling ito. Inaasahan na matapos ang aralin ikaw ay:

1. Makapaglalahad ng mga salik sa pagkatalo ng Espanya sa Pilipinas;
2. Matutukoy ang mga salik sa pagpasok ng Estados Unidos bilang bagong mananakop ng Pilipinas; at
3. Maipaliliwanag ang pagkakahawig at pagkakaiba ng kalagayan ng Cuba at Pilipinas na naging dahilan ng paglabas ng Espanya at pagpasok ng Estados Unidos bilang kolonista ng dalawang bansa.

**Gawain 1: Pag-isipan Mo!**

Matapos mong basahin ang maikling kuwento hinggil sa pag-aalsa sa Cuba, ano sa tingin mo ang pagkakapareho nito sa Pilipinas?  Makipagtalakayan sa iyong mga magulang o nakatatandang kaibigan at tanungin ang kanilang pala-palagay. Matapos ito, tingnan mo kung may pagkakahawig ang mga sagot ninyo sa sumusunod na mga paksa.

**Ang Pilipinas sa Kasunduan sa Paris**



Hen. Emilio Aguinaldo

Nang si McKinley ay muling tumakbo bilang pangulo ng Estados Unidos,ang kanyang plataporma ay nagbigay diin sa "responsibilidad na moral" ng Amerika na gawing "sibilisado" ang mga mapapasailalim sa kanyang "awtoridad".  Kasama ang iba pang mga sinakop, ang Pilipinas ay isa sa mga kinailangan nilang gawing "sibilisado".

Ang mga rebeldeng Pilipino na nakipaglaban sa Espanya ay napaniwala na kakampi nila ang Estados Unidos at naroroon ito upang tutulungang makamit ng mga Pilipino ang kalayaan nila. Subalit, gaya ng pangyayari sa Cuba, ninais ng Estados Unidos na maging kolonya ang Pilipinas. Tatalakayin natin kung paano nila ito isinakatuparan.


Matapos ang kasunduan sa Paris, iginiit ng Estados Unidos ang awtoridad nito sa Pilipinas. Ang pakiramdam ng mga Pilipino, sila ay dinaya at ipinagkanulo.  Dahil dito, sila ay naglunsad ng panibagong pakikilaban sa bagong mananakop sa ilalim ni Heneral Emilio Aguinaldo (Ito ay tatalakayin nang detalyado sa susunod na modyul).

Kahit na maraming Amerikano mismo ang bumatikos sa balak na pag-angkin ng Estados Unidos sa Pilipinas, itinuloy pa rin nito ang pagsakop sa Pilipinas. Sagana kasi sa likas na yaman ang ating bansa.  Maaari rin itong maging daanan patungo sa Tsina at bansang Hapon.

Ano ang mga pangyayaring nagpadali ng paglilipat ng kapangyarihan ng Estados Unidos sa Pilipinas? Bago matapos ang 1898, ipinadala ni Pangulong Emilio Aguinaldo si Felipe Agoncillo sa Paris upang makilahok sa mga talakayan ukol sa magiging katayuan ng Pilipinas sa Tratado o Kasunduan ng Paris.  Hindi pinansin si

Agoncillo bilang kinatawan ng Pilipinas. Gayunpaman, isinangguni niya kay Pangulong McKinley na gawing isang *protectorate* ang Pilipinas ng Estados Unidos. Subalit para sa mga Amerikano, ang Pilipinas ay isang kolonya.

Noong ika-21 ng Disyembre, 1898, ipinahayag ni McKinley ang patakaran ng Estados Unidos sa Pilipinas sa "asimilasyong batay sa kagandahang loob." Samakatuwid, maliwanag na gagawing kolonya ng pamahalaang Amerikano ang Pilipinas, kagaya ng ginawa nito sa Cuba. Dito natambad sa mata at isipan ng mga Pilipino ang tunay na layunin ng Estados Unidos.



**Gawain 2: Pagpapalalim ng Kaalaman**

A. Pag-isipan mong mabuti:

_____________ 1. Ang ipinadalang kinatawan ng mga Pilipino ni Hen. Emilio Aguinaldo sa Paris para sa pag-uusap hinggil sa Tratado ng Paris.

_____________ 2. Ang pangulo ng Estados Unidos na nagsabi na kailangang turuan ng mga Amerikano ang mga Pilipino upang maging sibilisado.

_____________ 3. Ang tratado na nagbigay sa Estados Unidos ng awtoridad sa Pilipinas mula sa mga kamay ng Espanya.

_____________ 4. Ang bansang sumakop sa Pilipinas matapos na ang Pilipinas ay makalaya sa Espanya.

_____________ 5. Ang kinikilalang pangulo ng Pilipinas nang gawing kolonya ng Estados Unidos ang bansa.

B. Magsaliksik sa aklatan. Humanap ng kwento hinggil sa pagpasok ng mga Amerikanong militar sa Pilipinas noong 1898. Isulat sa iyong kwaderno at tandaan ang mga pangyayari.



**Tandaan Mo!**

- Noong 1898, nagdeklara ang Pilipinas ng kalayaan nito mula sa Espanya. Sa mga huling bahagi ng Digmaang Pilipino-Espanyol, makikita na ang panghihina ng Espanya na noon ay may sabay-sabay na kinakaharap na mga pag-aalsa sa iba pa nitong mga kolonya.
- Sa pagsasabi na nasa Pilipinas sila upang tumulong, pinagkatiwalaan ng mga PIlipino ang mga Amerikano na sa kasamaang palad ay hindi tumupad sa kanilang sinabi at bagkus sinakop nang tuluyan ang Pilipinas.



**Gawain 3: Paglalapat**

Kung iyong matatandaan, may mga base militar ang mga Amerikano sa Subic hanggang noong dekada 80. Magtanong sa mga matatanda sa iyong lugar kung ano ang naging epekto nito sa mga taga-Subic at sa buong bansa. Ipakwento sa kanila at isulat mo sa iyong kwaderno. Ito ay isang mahalagang bahagi ng ating kasaysayan.



**MGA DAPAT TANDAAN SA MODYUL NA ITO**

- Ang Cuba at Pilipinas ay pawang mga kolonya ng Espanya na sumakamay ng Estados Unidos.
- Ang kapalaran ng Cuba at ng Pilipinas ay magkatulad dahil pareho ang interes ng Estados Unidos sa pagsakop sa mga ito.
- Ang mga pinuno ng unang Republika ng Pilipinas sa pangunguna ni Emilio Aguinaldo, ay nalinlang ng mga Amerikano at napasakamay ng Estados Unidos ang bansa kahit na napalayas  na ng mga naghimagsik ang mga Espanyol.
- Sinakop ng mga Amerikano ang Pilipinas noong Disyembre, 1898.



**PANGHULING PAGSUSULIT:**

I. Sagutin ang mga sumusunod na tanong sa pinakamaikling paraan:

1. Bakit nagmadali si Jose Marti na ilunsad nang agaran ang planong rebolusyon ng mga Cubano?
2. Bakit nagkaroon ng pakiramdam ang mga Pilipino na sila ay nadaya ng mga Amerikano?
3. Ano sa palagay mo ang naging dahilan ng pagkatalo ng Espanya sa parehong kaso ng Cuba at Pilipinas na sa parehong taon ay sabay na nakalaya sa kamay ng Espanya?

II. Isulat ang iyong sagot sa patlang.

____________ 1. Ang Negrong Kastilang sundalo kung kanino kinuha ang ibinansag sa mga nag-aalsang Cubano?

____________ 2. Ang dalawang bansa na nagbalak tumulong sa Cuba at

____________ 3. Puerto Rico upang ang mga ito ay makalaya sa mga Kastila subalit binantaan ng mga Amerikano hinggil sa planong ito.

____________ 4. Ang halagang ibinayad ng Estados Unidos sa Espanya ayon sa napagkasunduan sa Trado ng Paris noong Disyembre 1898.

____________ 5. Ang mga kolonyang nananatili sa ilalim ng kapangyarihan ng Espanya noong taong 1825

____________ 6.

____________ 7.

____________ 8.

____________ 9.

____________ 10.

III. Tama o mali. Kung tama ang iyong sagot isulat ang **T** at kung mali naman, isulat ang **M**.

____ 1. Walang alam ang mga Pilipino noong sila ay nakikipaglaban pa lamang sa mga Kastila para sa kanilang kalayaan na may balak ang Estados Unidos na ang Pilipinas ay gawing isang kolonya.

____ 2. Isa sa mga dahilan ng pagkabigo na supilin ang pag-aalsa sa Cuba at Pilipinas laban sa mga Kastila ay ang paghina ng kapangyarihan ng Espanya dahil sa pagkakasabay ng mga nasabing pag-aalsa.

____ 3. Walang intensyong sakupin ng Estados Unidos ang Pilipinas.

____ 4. Hindi pinakialaman ng Estados Unidos ang Cuba matapos na ito ay bigyang kalayaan ngmga Kastila.

____ 5. Isa sa mga dahilan sa pagpapalakas ng Estados Unidos ng kanyang puwersa sa labas ng kanyang teritoryo ay ang pagkakaroon ng mga mapagkukunan ng mga hilaw na materyales.



## GABAY SA PAGWAWASTO:

**PANIMULANG PAGSUSULIT**
**I.**

1. A
2. B
3. A
4. C
5. A
6. A
7. A
8. B
9. D
10. C

**ARALIN 1 ANG ESTADOS UNIDOS AT ESPANYA**

**Gawain 1: Pag-isipan Mo!**

Maaring iba-iba ang inyong palagay. Kalimitan ang mga bansang nananakop ay may mg dahilang gaya nito:

1. Naghahanap ng mapagbebentahan ng kanilang produkto.
2. Nais mapalawak ang kanilang teritoryo.
3. Upang may mapagkunan ng hilaw na materyales sa murang halaga lamang.

**Gawain 2: Papapallim ng Kaalaman**

1. Cuba
2. Puerto Rico
3. Pilipinas
4. Isla Carolina
5. Isla Mariana (kasama ang Guam)
6. Isla Marshall
7. Upang may pagbentahan ng kalakal
8. Upang may mapaglagakan ng kanilang puhunan
9. Upang magkaroon ng pagkukunan ng hilaw na materyales
10. 1898

**Gawain 3: Paglalapat**

Ganito ba ang sagot mo?

Maaaring balak ding sakupin ang Estados Unidos ang Iraq, kayat nakidigma sila sa Iraq. Ang ibinibigay na dahilan ay upang labanan ang terorismo at armas o "*weapon of mass destruction.*"

Ang iyong pangangatwiran ay depende sa iyong pananaw at sariling kuru-kuro

**ARALIN 2 ANG ESTADOS UNIDOS AT CUBA**

**Gawain 1: Pag-isipan Mo!**

Mga suliranin ng mga nag-aalsa: Ganito ba ang sagot mo?

1. Kakulangan sa armas.
2. Hindi pagkakaisa at kakulangan sa tauhan.
3. Kakulangan ng kasanayan sa pakikipaglaban.
4. Makapangyarihan at tuso ang kalaban.

**Gawain 2: Pagpapalalim ng Kaalaman**

1. Jose Marti
2. Hen. Martinez Campos
3. estados Unidos
4. mambies o mambises
5. USS Maine
6. Tratado ng Paris
7. 1895
8. Pamahalaang Militar
9. Manifesto de Montecristi/ Proclamation of Montecristi/ Manipesto o Proklamasyon ng Montecristi
10. 1898

**Gawain 3: Paglalapat**

Ang iyong sagot ay depende sa iyong pangangatwiran. Subalit ang maaaring tatlong dahilan kung bakit itataguyod mo ang pag-aalsa ng Cuba ay ang mga sumusunod:

1. Parehong nalinlang ng Estados Unidos ang Cuba at Pilipinas.
2. Hindi makatarungan ang nasa ng Estados Unidos sa Cuba at sa Pilipinas.
3. Nakikipaglaban sila para sa kalayaan gaya rin ng Pilipinas.

**ARALIN 3 ANG ESTADOS UNIDOS AT PILIPINAS**

**Gawain 1: Pag-isipan Mo!**

Ganito ba ang sagot mo?

1. Parehong nagnais makamtan ng mga Cubano at mga Pilipinong rebolusyonaryo ang kalayaan galing sa mga Espanya.
2. Dapat sana'y naging lubusan nang malaya ang dalawang bansa (Cuba at Pilipinas) kung hindi nakialam at nakipagsundo ang Estados Unidos na sila naman ang sasakop sa mga bansang ito.
3. Naging mapanlinlang ang mga Amerikano sa dalawang sitwasyon.

**Gawain 2: Pagpapalalim ng Kaalaman**

Mga Sagot:

A. Pag-isipan mong mabuti:
   1. Felipe Agoncillo
   2. McKinley
   3. Tratado ng Paris
   4. Estados Unidos
   5. Emilio Aguinaldo

B. Ipatsek sa gurong tagapamahala ang iyong nasaliksik na kwento hinggil sa pagkakaroon ng pamahalaang military ng mga Amerikano sa Pilipinas noong 1898

**Gawain 3: Paglalapat**

Ganito ba ang iyong sagot?

1. Laganap sa Subic noon ang prostitusyon.
2. Bumaba ang moralidad sa Subic dahil maraming kababaihang nagbebenta ng aliw sa mga sundalong Amerikano.
3. Naging maluwag sa pagpapasok sa bansa ng mga produktong gawa sa Amerikano.
4. nagkaroon ng mga Pilipino-Amerikanong isinilang ng mga Pilipinang ina dahil sa pakikitungo sa mga sundalong Amerikano sa Subic.

**PANGHULING PAGSUSULIT**

**I.**

1. Pagsapit ng taong 1894, nagmadali at ipinagdiinan ni Marti ang mabilis na paglulunsad ng rebolusyon. Ito ay dahil sa kanyang obserbasyon na bagong direksyon ng kolonyalismo ang umuusbong nang panahong iyun, ang pagpapalawig ng kapangyarihan at imperyo ng Estados Unidos. Ilan sa mga pinagbasehan niya nito ay ang binitawang salita ng noon ay Kalihim ng Departamento ng Estado ng Estados Unidos na si James Blaine na ang layunin daw ng Estados Unidos ay balang araw bumagsak sa kamay nito ang Gitna at Timog Amerika. Dagdag pa dito ang pagsasabi ni Blaine na ang Cuba ay bahagi ng sistemang komersyal ng Amerika, at nararapat na maging Amerikano ito at hindi mahulog sa kamay ng anumang bansang Europeo. Natakot siya na baka maunang masakop ng Estados Unidos ang Cuba bago pa man magwagi ang kanilang rebolusyon.
2. Dahil pinaniwala sila ng mga Amerikano na sila ay nasa Pilipinas upang sila ay tulungang makalaya sa Espanya. Ngunit may plano pala ito na gawing kolonya ang Pilipinas na siya ngang nangyari.
3. Dahil halos magkasabay na nag-alsa ang mga Pilipino at Cubano, higit lalong naging mahina ang noo'y di na maunlad na ekonomiya ng Espanya kasabay pa nito ang banta ng iba pang malalakas na bansa gaya ng Estados Unidos. Nakdagdag pa dito ang pag-igting ng

nasyonalismo sa dalawang bansang nabanggit lalo na nang mapatay ang mga kinikilala nilang mga lider – si Jose Marti sa Cuba noong 1895 at si Jose Rizal sa Pilipinas noong 1896.

**II.** 1. Juan Ethinius Mamby
2. Mexico
3. Colombia
4. $20 milyon
5. Cuba
6. Puerto Rico
7. Pilipinas
8. Isla Carolina
9. Isla Mariana (kasama ang Guam)
10. Isla Marshall

III. 1. T
2. T
3. M
4. M
5. T